
Tagalog

# Si Ester, Ang Reyna



Number
T-A-20

# Si Ester, Ang Reyna



# Si Ester,

## Ang Reyna

*Sinulat ni*

*ADELAIDE BEE EVANS*

1928

PHILIPPINE PUBLISHING HOUSE

Manila P. I.

**The Story of Ester — Tagalog**

# MGA NILALAMAN


Kabanata — Pahina

1. ISANG PIGING NG HARI .. .. .. .. .. .. 5
2. GINAWANG REYNA SI ESTER .. .. .. .. 13
3. TINANGKANG PATAYIN ANG HARI .. .. 16
4. SINIKAP NI HAMAN NA ANG MGA HUDIO'Y PUKSAIN .. .. .. .. .. .. .. .. .. .. .. .. 18
5. MALUNGKOT NA MGA ARAW .. .. .. .. .. 23
6. MGA ARAW NG PAGAAYUNO AT PANANALANGIN .. .. .. .. .. .. .. .. 28
7. ANG PAANYAYA NG REYNA .. .. .. .. .. 35
8. ANG GALIT NI HAMAN .. .. .. .. .. .. 38
9. MAGDAMAG NA DI NAKATULOG .. .. .. 42
10. PINARANGALAN SI MARDOKEO .. .. .. 45
11. ANG IKALAWANG PIGINGAN .. .. .. .. 49
12. NALIGTAS ANG MGA HUDIO .. .. .. .. 55
13. PISTA NG PAGPAPASALAMAT .. .. .. .. 60

*Unang Kabanata*

# ISANG PIGING NG HARI

ITO'Y kasaysayan ng isang mayaman at palalong hari at ng isang maganda at mahinhing reyna, na nabuhay noong may dalawa ng libong taong nakararaan. Ang haring Assuero ay siyang pinakamayaman at makapangyarihang puno ng boong sanglibutan. Siya'y isang pagano, at ang kanyang bansa ay sumasamba sa apoy. Ang Reyna Ester ay bata pa, maganda at mabini. Naturuan siyang umibig at sumunod sa tunay na Dios.

Sa kasalukuyan, dito sa sanglibutan ay maraming kaharian. Ang ilan ay malalaki, mayayaman, at malalakas; ang iba naman ay maliliit, mararalita, at mahihina. Datapuwa't ng unang kapanahunang iyon sinasakop ng isang kaharian ang iba, at isa lamang hari ang nagpupuno sa kanilang lahat.

Ehipto, Asiria, at Babilonya ang mga kahariang dakila sa sanglibutan. Pagkatapos nila'y bumangon naman ang kaharian ng Medo-Persia. At noon ngang kaarawan ng kahariang ito nabuhay ang palalong haring Assuero at ang magandang Reyna Ester.

Ang kaharian ni Assuero ay laganap mula sa India hanggang sa Etiopia, at binubuo ng isang daan at dalawampu't pitong lalawigan, na ang bawa't isa nito'y pi-

namamahalaan ng isang gobernador. Ang pinaka-punong bayan ng Medo-Persia ay ang Susan. Doon tumatahan ang haring Assuero sa panahon ng tag-lamig. Ang palibot ng siudad ay labing limang milya, at ang siudad naman ay



*Ang hari ay nagdaos ng isang malaking pista para sa mga dakilang tao sa kaharian*

nakukulong ng isang malaking kuta. Sa labas ng kuta ay may malalim na ilog upang maipagtanggol ang siudad sa pagsalakay. Ang bahay ng mga karaniwang tao'y maliliit at halos daitdait; datapuwa't ang mga palasyo o bahay-hari na tinatahanan ng mga dakilang tao ay malalaki at may magagandang hardin at pasyalan.

Si Assuero ay mapayapa sa kanyang kaharian. Walang nakikipagdigma sa kanya, o tumatangging magbigay ng kanyang maibigang hingin. Pilak at ginto, trigo at alak, garing at pangrekado at mga pabango ay dumarating sa kanyang katulad ng agos ng tubig sa ilog, at pawang inilalagay sa kanyang mga bangan, at mga kabangyaman. Nang makita ng hari na dumarami ang kanyang mga kayamanan, ay ipinasiya niyang magdaos ng isang pista at anyayahan ang lahat ng mga dakilang tao sa kanyang kaharian, upang makita nila ang kanyang kayamanan at kapangyarihan.

Napakalaking pista yaon, at mahaba, sapagka't nagtagal ng isang daan at walumpung araw — kalahating taon. Hindi naman nanatili roon ang lahat ng mga inanyayahan ng gayong katagal. May ilang dumadalo at tumitigil doong kaunting panahon, naghahandog ng mga handog na mahal sa hari, at pagkuwa'y nagsisiuwi na sa sarili at binibigyan namang kaluwagan ang ibang nagsisidalo. Sa kanilang lahat ay ipinakita ng hari ang "kayamanan ng maluwalhati niyang kaharian at ang karangalan ng kanyang marilag na kamahalan." Nasa kanyang puso ang kapalaluan at pagmamalaki. Ang damdaming naghari sa kanya noon ay gaya rin ng damdaming naghahari sa atin kapag inaakala nating tayo'y nakagagawa ng bagay na lalong mabuti kaysa iba,—ang pagluwalhati sa sarili. Ang puso ng isang hari noong may dala-

wang libo ng taong nakaraan, at ang puso ng isang lalaki o babae dito sa Pilipinas, o sa Amerika, o sa iba pa mang lupain ngayon ay parang pinilas, walang pagkakaiba. Biyaya lamang ng Dios ang nakapagbabago ng puso.

Nang matapos na ang mahabang pistang iyon, ay nagpista pa ang hari ng pistang nagtagal lamang ng pitong araw, nguni't lalo pa manding maringal kaysa una. Ang pistang ito'y para sa lahat lamang na nasa palasyo sa "mataas at gayon din sa mababa." Hindi sa loob ng palasyo ginawa ang pistang iyon, kundi sa "looban ng halamanan ng bahay-hari." Ang pook na iyon ay napakaganda. Yaon ay nalalatagan ng makikinis na kuwadradong marmol na may mga kulay na pula, asul, puti at itim. Ang lahat ng mga tabing at mga langit-langitan na panangga sa init ng araw ay yari sa mainam at malambot na damit na ang mga kulay ay puti, lungtian at asul, na ikinabit ng mga lubid na inubi sa mga singsing na pilak sa mga haliging marmol. Ang mga kamang yari sa pilak at ginto ay nangakatalatag dito at doon, saka ang mga sopang nababalot ng ginto at pilak na damit. Sa mga haulang hinabi ang mga ibong mangaawit ay nagpaparinig ng pinakamatatamis na awit; ang kawili-wiling lagas-las ng tubig na nagmumula sa mga "fuentes" ay nakakarag-dag pang lalo sa musika; at saan mang dako'y nagpapabango sa hangin ang pinakapiling mga bulaklak sa buong lupaing iyon ng mga bulaklak.

Sa loob ng pitong araw ay naroroon na ang lahat ng anyo ng kalayawan na mahihili ng hari. Mga mananayaw at mga kuwentista, mga mangaawit at mga makata, mga sirkero, mga mahiko, at ang mga taong may mga hayop na sinanay ay gumawa ng buo nilang makakaya upang aliwin ang pulutong na iyon. "Saganang alak ha-

ri" na nakasilid sa mga gintong kopang kumikinang sa hiyas, ang ipinainom sa lahat ng mga inanyayahan.

Sa lahat ng pagpipistang ito at pagiinuman, sa lahat ng karangyaang iyon ng ganda at kayamanan, dapat na-



*Nagsugo ang hari ng pitong katao upang ipagutos kay Vasti na humarap sa hari*

ting alalahanin, ang adhika'y ang ipagparangalan ang kadakilaan at kapangyarihan ng isang taong mahinang gaya ng kanyang yaman, malupit ding gaya ng kanyang kadakilaan at sa tuwina'y mapusok ang loob at hamak. Ang nagpistang iyon ay isang pulutong ng mga pagano, isang pista yaon ng mga pagano, at natapos yaong, kagaya ng pagkatapos na karaniwan ng gayong mga pagpipista, sa galit at pagkapanganyaya.

Sangayon sa mga kaugalian sa lupain sa silangan, ang reynang si Vasti ay hindi napakita sa looban ng halamanan, na kasama ng mga inanyayahan ng kanyang asawa. Samantalang nagsisikain at nagsisiinom ang hari at ang kanyang mga kasamahan, ang reyna naman ay naganyaya rin sa mga babai sa bahay ng hari sa kabilang dulo ng palasyo.

Nang huling araw na ng pista, "ng masayahan ang hari sa pamamagitan ng alak" kanyang sinugo ang pito sa kanyang mga lingkod kay Vasti taglay ang utos na ito'y humarap sa kanya (sa hari) na nakaputong ang koronang pagkareyna upang ipakita sa mga tao at mga pangulo ang kanyang kagandahan.

Si Vasti ay reynang pagana; nguni't nalalaman niyang sa pagsunod sa utos na ito'y magagawa niya ang hindi gagawin ng alin mang babaing may puri, malibang hindi niya ibig na maingatan ang mabuti niyang pangalan. Kaya nga sa harapan ng lahat ng mga babai ng sambahayan ng hari ay tumanggi siyang "pumaroon sa utos ng hari," bagaman alam niya na sa pagtangging yaon ay maaaring maputi ang kanyang buhay.

Madaling madaling nagbalik sa hari ang pitong inutusan at inihatid ang balitang: "Aayaw pumarito ang reyna!" Ang pagsuway na ito sa hari, na ang pinakama-

liit na salita'y batas sa isang daan at dalawampu't pitong lalawigan, ay ikinabalisa ng mga inanyayahan. Nang madinig ng mga lalaking ito ang mga salitang iyon, may takot silang nagtinginan sa isa't isa, at nagsipagtaanan sa looban ng halamanan. Ang noo ng hari ay dumilim ng dumilim nang iniisip kung bakit kaya sumuway sa kanya ang reyna.

Nang araw na iyon bawa't isa'y marahang marahang lumalakad sa palasyo at nangangamba sa poot ng hari. Sa wakas ay kanyang tinawag ang mga pantas na tao, at itinanong sa kanila:

— Anong ating gagawin sa reynang si Vasti sangayon sa kautusan, sapagka't hindi niya sinunod ang bilin ng haring Assuero?

At isa sa mga pantas na taong yaon, si Memukan, ay pinagalit pa manding lalo ang hari. Ang reyna ay nakagawa ng mali hindi lamang sa hari, anya, kundi sa lahat ng mga pangulo sa lalawigan ng kaharian. Kapag nadinig iyon ng mga babai sa Persia, sila man ay magsisisuway din sa kani-kanilang asawa.

— Kung kalulugdan ng hari,—idinugtong pa ni Memukan, sa mga pangungusap na piling pili upang papagalabin ang kalooban ng haring napopoot na, at upang ipaalaala rin naman sa kanya ang kanyang kapangyarihan,—maglabas ng utos hari sa ganang hari, at isulat sa mga kautusan ng mga taga Persia at Medo, upang huwag mabago, na si Vasti ay huwag ng pumaroon sa harap ng haring Assuero; ang kanyang kalagayang reyna ay ibigay sa iba na maigi kay sa kanya.

"At ang sabi ay nakalugod sa hari at sa mga pangulo; at ginawa ng hari ang ayon sa salita ni Memukan."

Pagkaraan nito'y hindi na natin nadinig pa si Vasti na Maganda, maliban sa pagkaraan ng isang panahon, ng

lumamig na ang galit ng hari, "naalaala niya si Vasti, at ang kanyang ginawa, at ang iniutos laban sa kanya." Tila mandin ikagagalak niyang bawiin ang mabilis na pananalitang iyon na kanyang sinalita; datapuwa't ang mga batas ng mga Medo at mga taga Persia ay hindi na mababago.

Sa gayon, bagaman naalis si Vasti sa kanyang pagkareyna, ang totoo'y ang hari ang siyang nagbata ng malaking hirap. Siya'y nagkasala sa Dios sa paguutos na si Vasti ay gumawa ng isang maling bagay, at saka sa galit at kapootan, pinarusahan niya siya sa pagsunod sa atas ng sariling budhi. Ang magandang karakter ni Vasti ay angat na angat at nangingibabaw sa karkter ng lasing at nagagalit na hari.

*Ikalawang Kabanata*

# GINAWANG REYNA SI ESTER

NGAYON, kinakailangang humanap ng isang bagong reynang makakahalili ni Vasti. Kaya nga ang lahat ng magagandang prinsesa at magagandang dalaga sa boong kaharian ng Medo-Persia ay dinala sa palasyo, upang makapili ang hari sa kanilang lahat ng isang magbibigay sa kanya ng boong kasiyahan.

Nang panahong iyon, may isang Hudiong tumatahan sa Susan na ang pangalan ay Mardokeo. Wala tayong nalalamang marami tungkol sa lahi nitong lalaking ito, maliban sa kanyang dinala sa kanyang tahanan, ng batang



*Si Mardokeo at ang maganda niyang pinsang dalaga*

bata pa, ang kanyang pinsang si Hadasa, ng namatay ang ama't ina noon, at magiliw niyang pinalaki itong kagaya ng kanyang anak na tunay. Maraming Hudia ang nanghiram ng mga pangalan sa mga bulaklak, at ang pangalang Hadasa ay nangangahulugan ng *arrayan*. Sinasabi sa atin na ang dalagang ito'y "maganda at may mabuting anyo." Siya'y mahinhin at mabini, at magalang din naman sa pakikipagusap at sa kilos. Ang mga dalagang may ganitong katangian ay hindi nawawalan ng mga kaibigan; kaya nga hindi natin ipagtatakang mabasa na ng si Hadasa ay dinala sa palasyo ng hari at saka ipinabahala sa tagapagingat ng mga babai, ay pinagpakitaan siya ng buong kagandahang loob.

Sinoman ay walang nagtanong kay Hadasa kung taga saan siyang bansa ng siya'y dalhin na sa tagapagingat ng mga babai. Kaugalian ng piliin ang mga dalagang ito dahil sa kanilang kagandahan, walang kailangan kahi't sila'y kung taga saang bansa man. Kaya nga, kahi't sino sa palasyo ay walang nakaalam na si Hadasa ay kabilang ng mga taong, dahil sa kanilang pagsamba sa tunay na Dios, ay hindi naibigan ng mga paganong taga Media at Persia na kanilang pinakikipamayanan.

Bagaman ang mga Hudio, una'y hindi naparoon sa bayang iyon sapagka't inibig nila, kundi marami sa kanila ang dahil sa iba't ibang kadahilanan ay minabuti pa ang doon na manatili. Doon na sila lumaki, gumawa, nagsipagasawa, at tumalaga na sa buong buhay; at doon ninais ng marami sa kanilang manirahan. Nguni't nalalaman ng Panginoon ang mga kapanganibang sasapit sa kanila. Dahil sa Kanyang kaawaan ay Kanyang ipinahintulot ang mga pangyayaring nangyari sa korte ng masamang hari upang gumawa sa isang kaparaanang makita

Siya ng kanyang bayan na Siya nilang Dios at malakas nilang Tagapagligtas.

Sa wakas dumating din ang panahong si Hadasa ay dinala sa harap ng hari. Nang makita ng hari siya, pinili kaagad siyang maging reyna, at ipinutong sa kanyang ulo ang korona ng pagkareyna. Ang kanyang pangalan ay pinalitan ng Ester, na sa wikang Persiano ay nangangahulugan ng Tala.

Dahil sa ang pagpili ng isang reyna ay isang malaking pangyayari, dili nga ang hinding ipinagdiwang at ipinagdaos ng isang marilag na kapistahan para sa lahat ng mga pangulo at mararangal na tao at sa mga lingkod din naman. Upang parangalan ang bagong reyna, tinawag yaong "pista ni Ester." Ang hari ay nagpadala rin naman ng mga kaloob sa marami niyang nasasakupan, kaya nga maraming tahanan ang nangaligaya rin naman.

*Ikatlong Kabanata*

# TINANGKANG PATAYIN ANG HARI

PINAGSABIHAN ni Mardokeo si Ester na kahi't kanino'y huwag sasabihing siya ay isang Hudia, at ang mga pangyayaring hindi natagalan at nangyari ang nagpakilalang matalino ang gayong sabi. Ang pagkakasunod naman ni Ester sa kanyang ama-amahan ng maingat na maingat kahi't siya ay reyna na, gaya ng pagkakasunod niya noong siya'y bata pa sa tahanan ni Mardokeo, ang nagpapakilalang siya ay hindi nagmalaki kahi't nasa mataas na kalagayang iyon, at kanyang pinarangalang higit ang Dios ng kanyang bayan kaysa karapatan ng pagiging reyna.

Kung nalaman lamang agad ng hari na si Mardokeo ay ama-amahan ng reyna Ester, disin nabigyan niya ng mataas na katungkulan sa kanyang tanggapan, at ang kanyang pangalan ay magiging bulaklak ng labi ng lahat ng tao. Gaya ng dapat mangyari, wala sinomang nakapansin sa kanya, at nagpaparaan siyang parati ng panahon sa isang kahawanan sa harap ng palasyo ng hari, nakikinig ng mga balita, nagtatanong-tanong, at nakikipagusap sa mga kaibigang naglalabas-masok.

Nangyari nga ng mga kaarawang iyon na dalawa sa mga pinagkakatiwalaang lingkod ng hari, sina Bigtan at Teres, ay nangagtangkang patayin ang haring Assuero. Samantalang sila'y nakaupong malapit kay Mardokeo, isang araw, at nagsasalitaan ng marahan, nadinig niya (ni Mardokeo) ang malupit nilang banta. Sinabi ni Mardokeo kay Ester ang ibig gawin ng mga taong iyon, at sinabi naman ni Ester sa hari. Sinabi rin naman ni Es-

ter ang pangalan ng lalaking pinagkakautangan niya ng kanyang buhay.

Ipinasiyasat karakaraka ang bagay na yaon, "nasumpungang gayon nga. Naghari ang malaking bagabag sa palasyo ng araw na iyon, at ang mga nagsipagtangka ay pinarusahan karakaraka ng kamatayan. Pagkuwa'y isinulat naman ang buong kasaysayan ng mga manunulat sa palasyo sa isang aklat na iniingatan sangayon sa buhay ng hari, at maingat na itinago. Tila mandin ang buong ginawa ni Mardokeong malingap sa pagsasaysay kay Ester ng pagtatangka laban sa hari ay hindi na madidinig pang muli!



*Nadinig ni Mardokeo ang malupit nilang tangka*

*Ikaapat na Kabanata*

# Sinikap ni Haman na ang mga Hudio'y Puksain

KABILANG ng mga taong may matataas na katungkulan sa tanggapan ng hari ay naroon ang isang lalaking Haman ang pangalan, na totoong tuso at malupit. Siya'y mapagmapuri at mabuting mamamaraan, at sa pamamagitan ng lahat ng kaparaanang abot ng kanyang kapangyarihan ay sinikap niyang makaibigan ng hari. Napataas siya sa isa't isang katungkulan hanggang sa siya'y naging pangalawa ng hari. Sa korte ang kanyang upuan ay sa kinakanan ng hari; at saan man siya lumakad, o sumakay sa mga lansangan ng siudad, sa kanyang kabayong makisig, ang lahat ng mga lingkod ng hari ay yumuyukod kay Haman.

Itong pagyukod ng sayad sa lupa ay hindi isang paggalang lamang. May taglay din itong pagsamba sa hari sa palagay na siya'y isang taga-langit. Sa Babilonya ng unang panahon, si Daniel at ang kanyang tatlong kaibigan ay nagmabuti pang mawalan ng buhay kaysa sumamba kahi't kanino maliban sa Dios na tunay. Kaya nga may isa roong lalaki sa pulutong ng nasa may pintuang-daan ng hari na hindi yumukod ng sayad sa lupa pagdaraan ng palalong si Haman." Si Mardokeo ay hindi yumukod o gumalang man."

Bagaman sila'y nagsisiyukod ng sayad sa lupa mayroon namang ilan sa kanila na nananatiling mulat ang mata upang tingnan kung ang lahat ay sumusunod sa

utos ng hari. Ang isa sa mga lisyong mahihirap matutuhan ng tao ay ito: na ang tunay na pagsamba'y isang bagay na hindi mangyayaring gawing sapilitan—ang isang tao'y hindi nararapat na pilitin, kahi't kaylan, ang kanyang kapuwa na maniwala ng gaya ng kanyang paniniwala at sumamba ng gaya ng kanyang pagsamba. Binigyan ng Dios, na siyang lumikha ng lahat ng tao, ang bawa't isa ng karapatang mamili. Yaong may ari ng buong



*Sinabi niya sa hari na mayroong isang tanging bayan sa kanyang kaharian na hindi tumutupad ng mga utos ng hari*

kapangyarihan ng langit at lupa, ay hindi namimilit kahi't kaninong sundin ang Kanyang batas. Nagaanyaya siya, nguni't hindi siya *namimilit kaylan man.*

At, opo, nakita ng nagsisipagmasid ang kaisa-isang taong iyon na hindi yumukod kay Haman.

— Baki't mo sinasalangsang ang utos ng hari?—araw araw ay itinatanong ng mga lingkod ng hari. Nguni't hindi sila sinagot ni Mardokeo at wala siyang sinabi sa kanila kundi siya'y Hudio, sumasamba sa Dios na lumikha ng langit at ng lupa. At dahil doon ay hindi siya maaaring sumamba sa harap ng sinomang tao. Nguni't sa mga pinuno sa pintuang-daan ng hari ang katuwirang iyon ay hindi mabuti. Kaya isinumbong nila kay Haman.

Dahil sa siya'y pinararangalan na ng mga prinsipe at mga lingkod ng hari at ang upuan ay sa kinakanan ng hari maaakala ng isang tao na si Haman ay nasisiyahan na. Nguni't hindi. Nang madinig niya ang pagtanggi ni Mardokeo na yumukod, ay napuspus siya ng galit.

Datapuwa't "inakala niyang walang kabuluhan na pagbuhatan ng kamay si Mardokeo na magisa." Sinabi rin naman ng lahat ng nagsumbong kay Haman tungkol sa ginawa ni Mardokeo na ito'y Hudio. "Kaya nga inisip ni Haman na lipulin ang lahat ng mga Hudio na nangasa boong kaharian ni Assuero."

Pinagingatan ni Haman at hindi ipinaalam sa hari ang maliit, at walang kabuluhang bagay na ipinagnais niyang lipulin ang mga Hudio. Kung sinabi niya sa hari na: "May isang Hudio na nakaupo sa pintuang daan na aayaw yumukod sa akin, kaya ibig kong ipapatay ang lahat ng Hudio sa kaharian," di sasalang tatanggihan ng hari ang masamang niyang kahilingan. Kaya nga ikinubli ni Haman ang kanyang galit, at tahimik siyang gumawa. Tinawag ang lahat niyang mga kaibigan at sila'y nagpa-

labunot, upang maalaman nila kung anong oras ang itatakda upang pagpapatayin ang mga Hudio.

"At sinabi ni Haman sa haring Asuero:

—May isang bayang nakakalat at nakasabog sa gitna ng mga bayan sa lahat ng lalawigan ng iyong kaharian; at ang kanilang kautusan ay kakaiba sa bawa't bayan; na hindi man lamang iniingatan nila ang mga kautusan ng hari; kaya't hindi ukol sa hari na sila'y tiisin."

Bawa't salita ng pangungusap na ito'y maingat na isinaayos. Hindi binanggit ni Haman ang pangalang Hudio. Ang mga Hudio ay may maluwalhating kasaysayan; at ang nangaroon noon sa kaharian ni Assuero ay nangaroon sapagka't inibig nila roon, at sila'y sakop na masunurin sa kautusan at tapat sa pagbabayad ng buwis.

Sinikap ni Haman na yaong "tanging bayang iyon" na kanyang binanggit sa tinig na napopoot na di karapatdapat sa isang pangalan, ay lumitaw na walang kabuluhan sa paningin ng hari. Sila'y "nangakakalat at sabogsabog" sa gitna ng mga bayan. Pagkatapos nitong namumuhing pagbanggit na ito, ay ginawa niya ang isang tiyak na paratang na nalalaman niyang di maaaring di ikapoot ng hari: "Na hindi man lamang iniingatan nila ang mga kautusan ng hari; kaya't hindi ukol sa hari na sila'y tiisin."

Hindi pinatawad ng hari ang Reyna Vasti, na tunay niyang hinahangaan, dahil sa pagsuway sa utos niyang ginawa ng siya'y lasing. Hindi dapat tiisin na ang isang nakakalat na labi ng lahing bihag, na tumangging sumunod sa mga batas ng hari, ay mamuhay na payapa sa lupaing iyon.

— Kung kalugdan ng hari, masulat na sila'y lipulin, — ani Haman na nagmamakinis,—at ako'y magbabayad ng sampung libong talentong pilak sa mga kamay niyaong

mga may katungkulan sa mga gawain ng hari, upang dalhin sa mga ingatang yaman ng hari.

Sampung libong talentong pilak! Ang halagang iyon ay hindi mahahamak-hamak kahi't ng dakilang si Assuero man. Kailangan niya ang salapi upang mapakain niyang parati at maparamtan ang kanyang mga kawal, at upang ibili ng mga kailangan sa kanyang pakikidigma. Madaling hinugot ng hari ang kanyang singsing na pangtatak sa kanyang daliri, at ibinigay kay Haman. Kung ang alin mang kasulatan ay nagtataglay ng tatak ng singsing na iyon, ang kasulatan ay may bisa sa kaharian ng Media at Persia upang ipatupad ang mga utos noon. Ngûni't ang hari ay hindi nagkasiya sa pagbibigay ng singsing kay Haman.

—Ang pilak ay nabigay sa iyo, — anyang nagmamalaki, — at gayon din ang bayan upang gawin mo sa mga yaon kung ano ang inaakala mong mabuti.

Wari manding hindi talagang tangka ng hari na tanggihan ang malaking halaga na iniaalok sa kanya ni Haman; nguni't yaon ang mga kaugaliang paraan ng pagsasalita sa Silangan, na lubhang nauunawa ni Haman, gaya rin naman ng pagkakaunawa ng hari. Kukunin ni Haman ang salapi sa mga Hudio na ibig niyang kamkamin at pagpapatayin, at wala siyang pinakananais kundi ang isakatuparan ang mga pangyayaring lilipol sa kanilang lahat sa kaharian, at kasama nila ang lalaking si Mardokeo, na hindi yumukod o sumamba man sa kanya.

*Ikalimang Kabanata*

# MALUNGKOT NA MGA ARAW

NANG ikalabing tatlong araw ng unang buwan ay tinipong lahat ang mga kalihim ng hari; "at nangasulat na lahat ang ayon sa utos ni Haman sa mga satrapa ng hari, . . . sa bawa't bayan ayon sa kanilang wika; sa pangalan ng haring Assuero nasulat, at tinatakan ng singsing ng hari."



*Isinulat ng mga manunulat ng hari ang utos.*

Ang mga tagapaghatid ng sulat ay nagsiyaong taglay ang mga salin ng utos ng hari, araw at gabi ay mabilis na nagsisipaglakbay hanggang sa kalayu-layuang lalawigan. Ang gawain ng hari ay parating nangangailangan ng pagdudumali; nguni't tanging iniutos sa mga tagapagdalang ito na magsipagmadali sa kanilang lakad. Ang mga sugo'y "nagsilabas na madalian sa utos ng hari."

Napakalungkot ang nilalaman ng bawa't isa sa mga liham na yaong may tatak—na sa araw na itinakda ang mga tao sa lahat

ng mga lalawigan ay magsisihandang lipulin, patayin at ipahamak ang lahat ng mga Hudio, bata't matanda, mga sanggol at mga babai . . . at samsamin ang lahat ng mga maiiwan nila.



*Nagsiyaon ang mga tagahatid sulat na taglay ang mga salin ng utos ng hari*

Saan ma't mayroong bayan-bayanan ng mga Hudio, sila'y nagsisitahang pulu-pulutong, o magkakalapit. Ito'y ginawa nila dahil sa kanilang relihion, kaugalian, at sa kanilang nasa na makapisan ng kanilang mga kababayan. Hindi sila pinahintulutang magsipagdala ng mga sandata, at sapagka't sila'y magkakalapit sa kanilang mga tirahan, magiging madali ang sila ay pagpapatayin at samsamin ang kanilang mga tahanan at pagaari.

Ang utos tungkol sa mga Hudio ay ipinaalam din naman sa Susan. Dito, gaya rin sa ibang mga dako ay may mabuting pangalan ang mga Hudio. Kung ang utos na

katulad noo'y matutupad laban sa kanila dahil sa nasa ng isang taong bagong katataas sa kapangyarihan, naitanong tuloy ng mga palaisip sa Susan sa kanila na ring sarili kung ano kaya ang mangyayari sa mga kabilang sa ibang lahi balang araw? Samantalang nauupo at umiinom na magkasama ang hari at si Haman "gulong gulo naman ang siudad ng Susan."

Kay lungkot ng mga araw na iyon para sa mga Hudio. Ang hari at ang kanilang malupit na kaaway ay nagsisiinom ng alak sa palasyo; ang kanilang mga dating kaibigan at mga kapitbahay ay tumalikod na sa kanila na kagaya baga ng isang iniwalay sa isang mabuting pagsasama sa pamamagitan ng utos ng hari; ang matatakaw na paningin ay tumitinging may pagnanasa sa kanilang tahanan, bukid at mga hayop na para bagang kanilang kanila na at ang tiyak na pagpatay sa kanila (sa mga Hudio) sa isang araw sa hinaharap na hindi lubhang malalaon. Anomang tulong ay wala silang nalalaman na manggagaling sa tao.

Kahabag-habag mandin na ang pusong tao ay maging gayon ng kalupit na anopa't hinahangad pati ng kamatayan ng isang tao, huwag na ang isang buong bansa pa, na aayaw sumunod sa isang batas na may kinalaman, hindi sa moral o sa katungkulan man ng tao sa kanyang kapuwa, kundi sa ugat ng pagkakaiba lamang ng paniniwala sa relihion. Ang mga unang bayan sa silangan ay nagsisipagpalagay na banal ang kanilang mga puno; at kahi't ngayon, ganyan ding paniniwala ang pinanghahawakan ng ilang lupain doon.

Datapuwa't ang mga tapat na Hudio'y walang sinasamba kundi ang tunay na Dios lamang. Sa lahat ng kautusan na hindi sila naaano sa kanilang pagtatapat sa

Panginoon, sila'y masayang nagsisisunod; nguni't kung pinagsasabihan silang gumalang sa tao ng paggalang na nauukol lamang sa Dios, hindi sila sumusunod, kahi't na upang iligtas lamang ang kanilang mga buhay.

Nang naririto pa si Jesus sa lupa ay sinabi niya: "Ibigay ninyo kay Cesar ang sa kay Cesar (pamahalaan dito sa lupa) at sa Dios ang sa Dios naman." At Kanyang ipinaliwanag na ang utang natin sa Dios ay sinasaysay sa unang apat na utos ng Sampung Utos, na ibinigay doon sa bundok ng Sinai. Ang apat na utos na ito'y nagsasabi na wala kundi isang Dios lamang, ang Lumikha ng langit at lupa, at tayo'y hindi dapat yumukod o sumamba sa iba; na tayo'y di dapat gumawa ng larawan ng Dios, ni banggitin man sa walang kabuluhan ang Kanyang pangalan; at ating ipangingilin ang Kanyang Sabado upang Siya'y maalaala nating palagi.

Walang hari o pamahalaan man na may karapatang gumawa ng batas na laban sa apat na batas na ito ng Dios. Kung sila'y gumagawa ng mga gayong batas "dapat muna tayong sumunod sa Dios bago sa mga tao," at tayo'y Kanyang ipagtatanggol kung tayo'y masubo sa kaguluhan. Halos ang lahat ng mabubuting pamahalaan ngayon ay hindi gumagawa ng mga batas na may kinalaman sa relihion, maliban na ng nauukol sa pagiingat sa tao sa kanyang sariling pagsamba; subali't may ilang pamahalaan namang gumagawa rin ng ganyang batas, at bagaman ang mga batas na iyan ay hindi ipinatutupad, kung ipatupad na ay dapat tayong tumayong matibay na kagaya ng pagkatayo nina Mardokeo at Ester, at ang Dios ay gagawa sa isang kaparaanan upang tayo'y mailigtas. Ang pinakamabubuting bayan sa bawa't bansa ay yaong inuuna muna ang Dios; at ang mga pamahalaan na naging

pinakadakila at malusog ay yaong hindi gumawa ng mga batas na sumusumang sa mga batas ng Dios.

Ang pagsamba ng puso ay hindi mangyayaring mapilit, at ang ganyang uri ng pagsamba ay tanging nakalulugod sa Dios. Pinababayaan Niyang malaya ang tao, ang lahat ng tao, upang piliin kung aling Panginoon ang



*Malulungkot na mga araw yaon para sa mga Hudio*

kanyang paglilingkuran; at kaylan ma'y hindi Niya aalisin ang kalayaang ito sa kanila. "Ang mga tunay na sumasamba ay sasamba sa Ama sa Espiritu at sa katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon upang sumamba sa Kanya." At gaya ng mga kaarawan ng tampalasang si Haman ililigtas din naman ng Dios ang lahat ng nagtitiwala sa Kanya.

*Ikaanim na Kabanata*

# Mga Araw ng Pagaayuno at Pananalangin

ISA SA mga unang nakarinig ng utos na iyon laban sa mga Hudio ay si Mardokeo. Nang malaman niya kung ano ang nagawa, kanyang hinapak ang kanyang kasuotan, sang-ayon sa kaugalian ng taong nababalot ng masidhing kaba-gabagan ng mga araw na iyon. Pagkuwa'y "nanamit siya ng kayong magaspang na may mga abo," at "luma-



*Sa malaki niyang kadalamhatian, nagsuot si Mardokeo ng ka-yong magaspang, at tinanggihan ang kasuotang ipinadala sa kanya ng reyna*

bas sa gitna ng bayan, at humiyaw ng malakas at kalagimlagim na hiyaw.''

Ang damit na magaspang at ang pananangis ni Mardokeo ay hindi mga tanda lamang ng pangamba. Ipinakikilala noon ang kanyang pagsisisi sa kasalanan. Gayon din ang ginawa ng lahat ng mga Hudio sa buong malaking kaharian; sila'y nagsilapit na lahat sa Panginoon sa kanilang kabagabagan at linggatong; iniwaksi ang kanilang mga pagkakasala at tumawag sa Dios upang sila'y iligtas.

Si Mardokeo ay nakitang nakatayo na nakapanamit ng kayong magaspang sa harapan ng pintuang-daan ng hari, at ang tinig ng kanyang panangis ay umaalingawngaw sa himpapawid. Nang siya ay makita ng lahat ng nagsisipalingkod sa reyna ay sinabi nila rito:

— Si Mardokeo, — anila — ay nakapanamit ng kayong magaspang, at may abo sa ulo.

Nalungkot na mainam ang reyna ng kanyang madinig ang balitang ito. Marahil may kamaganak silang namatay. At kanyang nalalaman, na dahil sa si Mardokeo ay nagdadalamhati hindi siya nararapat lumapit sa palasyo ni makipagusap man sa kanya; nguni't dahil sa siya'y isang anak, maaari siyang magpadala ng isang kaloob. "At siya'y nagpadala ng bihisan upang isuot ni Mardokeo, at upang hubarin ang kanyang kayong magaspang: nguni't hindi niya tinanggap.'' Sa pamamagitan nito'y natanto ni Ester na ang bagabag na sumapit kay Mardokeo ay matinding higit sa pagkamatay lamang ng isang kamaganak.

Sa gayon ay tinawag ni Ester si Hatak, na itinakdang maglingkod sa kanya, at sinugo niya kay Mardokeo upang maalaman kung ano yaon at kung baki't gayon.'' At si-

nabi ni Mardokeo kay Hatak ang lahat ng may kinalaman sa utos, at "ang lubos na kabilangan ng salapi na ipinangako ni Haman na ibayad sa mga ingatang-yaman ng hari hinggil sa mga Hudio upang lipulin sila." Ibinigay din naman ni Mardokeo kay Hatak ang "isang salin ng pasiya na natanyag sa Susan upang lipulin sila, upang ipakilala kay Ester at ipahayag sa kanya: at upang ibilin sa kanya na siya'y paroon sa hari upang mamanhik sa kanya, at upang hingin sa kanya, dahil sa kanyang bayan."



*Ibinigay ni Hatak ang isang salin ng utos kay Ester*

Hindi isang bagay na madali ang hingin ni Ester sa hari ang buhay ng kanyang bayan. Una'y hindi kaugalian sa mga lupain sa Silangan na gawin sa madalian ang mga bagay. At ikalawa'y sa panahong ito ang reyna'y hindi lubos na natatanyag pa. Sa loob ng tatlumpung araw hindi pa siya ipinatatawag ng hari. At sangayon sa batas ng

palasyo, alin man, lalaki o babai, na nais pakinggan ng hari, o lumapit man sa kanyang harapan sa kaloob-looban ng tirahan ng hari ng hindi ipinatatawag ay ipapapatay, maliban ng ilawit ni Assuero ang ginto niyang setro. Mu-



*Ang hari at si Haman ay nagkakainan at nagkakatuwa*

li pa niyang sinugo ang matapat na si Hatak kay Mardokeo upang ipaliwanag kung ano ang lagay ng mga bagay-bagay at upang ibalita rin naman na siya (si Ester) ay mahigit ng isang buwang hindi ipinatatawag ng hari.

Nang marinig ni Mardokeo ang balita ng reyna ay nagpadala siya kay Ester ng ikalawang pamanhik na malab,—hindi para sa kanyang buhay, ni ng dahil man sa buhay ng reyna, kundi para sa buhay ng buong bayang

Israel. Ang isang buhay, ang buhay ng isang anak na babaing pinakamamahal, kahi't ang buhay ng reyna, ay di dapat ipalagay na napakahalaga't di maihahandog sa kapakanang kagaya nito.

— Huwag mong isipin ang iyong sarili, — ang saad ng pabalitang pahatid ng kanyang pinakamatapat at pinakamabuting kaibigan dito sa lupa, — na ikaw ay makatataanan sa bahay ng hari, ng higit kaysa lahat ng mga Hudio. Sapagka't kung ikaw ay lubos na tumahimik sa panahong ito, ay magtataglay nga ng katiwasayan at kaligtasan ang mga Hudio sa ibang dako, nguni't ikaw at ang sangbahayan ng iyong magulang ay mapapahamak. — At saka sumunod dito ang napakagandang pangwakas na pangungusap ng pabalita, na nagpapaalaala kay Ester ng pagaalaga ng Dios para sa kanya sa buo niyang buhay, at ang kanyang katungkulan sa kasalukuyang sigalot: — At sinong nakakaalam na kung kaya ka pinasapit sa kaharian ay dahil sa bagay na ito?

Nalalaman ni Mardokeo ang nakakalagim na kasaysayan ng Israel mula pa ng unang kapanahunan. Nalalaman niya ang pagkapagligtas ng Panginoon sa Kanyang bayan sa ibang kapanahunan ng pagtulung-tulungan siya ng kanyang mga kaaway; ang pagkapagbukas Niya ng tubig sa dagat sa harap ng kanilang mga paa, pinuksa ang hukbo ng makapangyarihan sa pamamagitan ng anghel Niyang nanghihiganti, at ang pagkakapagkalat ng kanyang pinili sa mga bansa bilang kaparusahan sa kanilang pagkakasala. Bilang tugon sa mga panalangin niyang maningas, nalaman niya na ang Israel ay maliligtas noon. Sa ganang kanya at sa magandang Reyna Ester, hindi kailangang mawala ang kanilang buhay, kung sa pagkawalang yaon, ay maililigtas lamang nila ang mga Hudio sa

malupit na kapalarang ipinasiya ng tampalasanang si Haman.

Sa gayon, sapagka't napukaw ng tapat ding pagibig, ay sinugo ni Ester ang lalaking yaon upang magdala kay Mardokeo ng kanyang kasagutan:



*Ang reyna at ang kanyang mga abay ay nagsisipagayuno naman at nagsisipanalanging maningas*

— Ikaw ay yumaon, pisanin mo ang lahat ng Hudio, na nangakaharap sa Susan, at ipagayuno ninyo ako, at huwag kayong magsikain o magsiinom man na tatlong araw, gabi o araw: ako naman at ang aking mga dama ay mangagaayuno ng gayon ding paraan; at sa gayo'y papasukin ko ang hari, na hindi ayon sa kautusan; at kung ako'y mamatay ay mamatay.

Kay laking pagkakaiba ng mga nangyayari sa magkabilang panig ng palasyo: Sa isang dako, ang hari at ang kanyang mga kasanggguni ay nagsisiinom at nagkakainan, kasama si Haman na nagmamalaki sa di na malalaong pagkalipol ng mga Hudio; sa kabilang dako naman ang reyna at ang kanyang mga dama ay nagsisipagayuno at nagsisipanalanging maningas. Sa paningin ng tao'y lumalabas na ang buong kapangyarihan ay nasa hari at na kay Haman; datapuwa't sa katotohanan ang kapangyarihan ng Langit ay sumasa reyna, at sa harap ng banal na kapangyarihang yaon, ang pinakamasasamang pakana ng masasamang tao ay nawawalang kabuluhan.

*Ikapitong Kabanata*

# Ang Paanyaya ng Reyna

LUMIPAS ang mga araw—una, ikalawa, ikatlo. May pangamba at takot na hinintay ng reyna ang oras ng kanyang pagharap sa hari. Gayon man ay nasa kanyang puso ang kapayapaan ng langit, at may tapang na nagpatuloy. Matapos na mahubad ang kasuotan ng pagaayuno at pagluha, kanyang isinuot ang damit reyna niya, maringal at maganda.

Ang hari ay nakaupo sa kanyang luklukang hari sa bahay-hari. Naroroon din naman ang mga ibang tao upang magharap ng kani-kanilang mga kahilingan, ng masok si Ester sa pintuan sa isang dako ng looban na pagtingin ng hari sa isang magandang tanawing yari sa dalawang hanay ng mga haligi, ay tanaw na tanaw agad.

Sandali yaong maselang. Walang makapagsabi kung ano kaya ang gagawin ng malupit na hari. Datapuwa't "ang puso ng hari ay nasa kamay ng Panginoon:" at ang Kanyang mga anghel ay nakatayong hindi nakikita sa piling ng marangal at batang reyna. Nang pinagmamasdan ni Assuero si Ester, ang kanyang puso'y napuspus ng pagmamalaki. Ang reyna! Ang maganda niyang tala! Kay kaibig-ibig, kay hinhin, kay bini niya! Ano kaya ang hihilingin niya? Mapitagan niyang inilawit ang kanyang setro, at "lumapit si Ester at hinipo ang dulo ng setro."

"Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa kanya:

— Anong ibig mo reyna Ester? at ano ang iyong hiling? — Saka hindi na naghintay pa ng kasagutan ay idinugtong na kaagad: — Mabibigay sa iyo kahi't kalahati ng kaharian.

Maingat na maingat ang reyna Ester sa kanyang pagbanggit ng suliraning laman ng kanyang puso. Ipinangamba niyang kung paratangan si Haman ay ikagalit ng hari; at hingin naman sa kanyang iligtas ang buhay ng mga Hudio ay ipagaalab ng galit ni Haman. Kaya nga, may ngiti niyang inanyayahan ang hari sa isang pigingan.

— Kung inaakalang mabuti ng hari, — anya, taglay ang pangakit ng kahin-hinang abot ng kanyang kaya,—pumaroon sa araw na ito ang hari at si Haman sa pigingan na aking inihanda sa kanya.

Ang kahilingang ito'y ikinasiya ni Assuero. Kung sa bagay alam niya na hindi ito ang ubod ng lahat ng iyon; nguni't ibig niyang makita kung papaano kaya ipahahayag ng reyna ang tunay na nasa kanyang pagiisip.


— Papagmadaliin si Haman, — iniutos niya,— upang magawa ang gaya ng sinabi ni Ester.

"Sa gayo'y naparoon ang hari at si Haman sa pigingan na inihanda ni Ester." Ang pagkain, ang musika, ang mga bulaklak, ang lahat ng naroroon sa pigingan ay nakasiya kay Assuero; at ng magtatapos na, kanya namang itinanong uli kay Ester kung ano ang kanyang hiling, at ipinabatid sa kanya na kahi't ano yaon kahi't ang kalahati ng kanyang kaharian, ay ipagkakaloob sa kanya.

Datapuwa't hindi pa rin handa si Ester na ipahayag ang laman ng kanyang puso sa hari. Napakalaki ang napapaloob sa bagay na yaon. Ang buhay ng kanyang bayan pati ng kanyang sariling buhay, ay nabibitin sa timbangan.

— Kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa paningin ng hari, — ang mahinhin niyang sagot,—at kung kalugdan ng hari na ipagkaloob ang aking hingi, at gawin ang aking hiling, na pumaroon ang hari at si Haman sa pigingan na aking inihahanda sa kanila at aking gagawin bukas na gaya ng sinabi ng hari.

Sa pagsagot ng gayon ay lalo na manding nagalab ang nasa ng hari na maalaman ang bagay na yaon. Nakita karakaraka ni Assuero na higit sa karaniwang kapritso lamang ang nasa likod ng pangyayaring yaon. Dahil sa mataimtim na nasang ito na maalaman ang nais ng reyna, ay lalo namang tumalaga siyang ipagkaloob ang kahilingan ng reyna Ester pag ipinaalam na.



*Ang hari at si Haman sa pigingan ni Ester*

*Ikawalong Kabanata*

# Ang Galit ni Haman

DAHIL sa nagmamalaking mainam sa karangalang ipinakita sa kanya ng reyna sa pamamagitan ng paanyaya sa ikalawang pigingan, nilisan ni Haman ang palasyo ng araw na iyon na masayang masaya ang puso. Siya lamang ang tanging nakasama ng haring kasalo ng reyna sa pagkain! Siya at saka ang hari ay inanyayahan ng reyna sa ikalawang pigingan. Ang lahat ng bagay ay nagpapatuloy na kagaya ng kanyang ninais! Subali't hindi! Sa kanyang pagdaraan sa gitna ng karamihang lingkod ng hari at ng mga taong nagsisipaghintay sa pintuan ng hari na may kani-kanyang layon, bawa't tao'y nagsiyukod! Ang ibig sabihin ay lahat maliban sa isa. Naroon ang Hudiong nakaupo sa tabi ng pintuang-daan! Siya lamang sa lahat ng naroroon ang hindi man tuminag sa kinauupan ni yumukod man sa harap ng palalong lalaking iyon. Siya'y sa Dios lamang yumuyukod. At ng "makita ni Haman si Mardokeo sa pintuang-daan ng hari, na hindi siya tumayo o kumilos man sa kanya, siya'y napuno ng pagkapoot laban kay Mardokeo." Ang poot at panibugho ng isang kaluluwang maliit ay nagalab sa kanyang puso.

Kaya nga umuwi si Haman sa kanyang tahanang puno ng kapalaluan at galit — kapalaluan sapagka't siya lamang ang tanging naanyayahan sa isang piging na kasama ng hari; galit sapagka't ang Hudiong si Mardokeo ay tumangging yumukod sa kanyang harap. Naramdaman niyang nakagiginhawa manding madinig ang mga papuri

ng kanyang mga kaibigan. Marahil kanila rin namang papayuhan siya kung ano kaya ang marapat gawin. Kaya nga, tinawag niya silang lahat, pati ng kaniyang maybahay na si Seres, at "isinaysay ni Haman sa kanila ang kaluwalhatian ng kanyang kayamanan, at ang karamihan ng kanyang mga anak, at lahat ng bagay na ipinagkaloob ng hari sa kanya, at kung papaanong siya'y nataas ng higit kaysa mga pangulo at mga lingkod ng hari." Samantalang isinasaysay niya ang lahat ng ito ay naramdaman niyang nasauli sa kanya ang paggalang niya sa sarili; lalong lalo niyang ikinasiya ang pagsasaysay sa kanila ng bagong karangalang natamo niya ng araw na iyon.

— Oo, si Ester na reyna ay hindi nagpasok ng sinoman na kasama ng hari sa pigingan na kanyang inihanda kungdi ako lamang; at kinabukasan naman ay inaanyayahan niya ako na kasama ng hari.

Datapuwa't kahi't ng sinasabi niya ang malaking karangalang iyon, sa kanyang pagiisip ay umuukilkil mandin ang larawan ng pulutong ng mga taong nangakaluhod sa pintuang-daan ng hari at yaong Hudio na nakatayong hindi man tumitinag sa kanyang kinalalagyan, at biglang sumilakbo ang malaking galit sa kanyang puso.

— Gayon man, — anya, — ang lahat ng ito'y walang kabuluhan sa akin habang aking nakikita si Mardokeo na Hudio na nakaupo sa pintuang-daan ng hari.

Samantalang si Seres at ang mga kaibigan ni Haman ay nangakikinig sa palalo niyang kasaysayan, sila man ay nakiramay na rin sa kanya. At ng kanyang banggitin ang ginawa ni Mardokeo, sila man ay nakigalit ding gaya ng pagkagalit ni Haman. Masasama silang tagapayo, sapagka't wala silang ginagaya kungdi ang mga damdamin ni Haman. Nakabuti sanang di palak para sa kanya

kung nang mga sandaling iyon ay natutuhan ng kanyang mga kaibigan ang kabutihan ng magandang loob; datapuwa't ang kagandahang loob ay hindi isang biyaya ng mga pagano. Sa halip na tulungan si Haman na mapawi ang galit at poot, lalo pa nilang pinapagalab. Nakita nilang siya'y nauuhaw sa paghihiganti, at upang mabigyang kasiyahan siya ay pinayuhan nila siyang gawin na agad at huwag ng magpaliban. Hingin na niya karakaraka ang kapahintulutan ng hari na maipapatay si Mardokeo. Isang maliit na bagay lamang iyon, anila, at madaling ipagkakaloob sa kanya ng hari ang buhay ng isang Hudiong walang kabuluhan.—At huwag mo ng itago ang ganitong paghihiganti,—ang sulsul pa nila. Kilala ng lahat ang pagkakatanggi ni Mardokeo na ikaw ay parangalan; dapat makita ng buong sanglibutan ang parusa sa kanya.

Sa gayon ay nagsipagpanukala silang lahat na si Mardokeo ay ipabitay sa lugar na malalaman ng buong siudad.


—Magpagawa ka ng isang bibitayan na may limampung sikong taas,—anila. Sa panukat natin ang makakatimbang ng sukat na iyon ay pitumpu't lima o isang daang talampakan. Mataas iyon sa pader ng mga halamanan ni Haman at makikita ng buong siudad. Ang panukalang ipinayo'y hingin ni Haman sa hari pagkaumagang umaga ang kapahintulutan upang ipabitay si Mardokeo.

— Kung magkagayo'y yumaon kang masaya na kasama ng hari sa pigingan, — ang sabi pa nila.

"At ang bagay ay nakalugod kay Haman." Kanyang ipakikita sa siudad kung ano ang mangyayari sa sinomang mangangahas na umupasala sa kanya. Nalugod siya

ng gayon na lamang at nagutos siya sa kanyang mga lingkod karakaraka at "kanyang ipinagawa ang bibitayan," ng gabi ring iyon.

Kay itim na larawan ang ipinakikilala sa atin dito sa mga pangungusap na ito! Malugod na isipin ang kamatayan ng kanyang kapuwa tao, magpanukalang gumawa ng nakapanghihilakbot na kasalanang pagpatay ng kapuwa at saka "yumaong masaya sa pigingan," ay nagpapakilala ng isang matigas at malupit na puso.



*Sa pamamagitan ng liwanag ng mga sulo ay itinayo nila ang bibitayan*

*Ikasiyam na Kabanata*

# Magdamag na di Nakatulog

HINDI karaniwang gabi yaon sa Susan. Sa magandang halamanang nakapaligid sa tahanan ni Haman ay nadidinig ang pukpuk ng martilyo at ingay ng lagari, at may mga aninong nagmamadaling paroo't parito sa pamamagitan ng liwanag ng mga sulo, at nagsisipagtayo ng bibitayang pagbibitayan kay Mardokeo. Sa palasyo man ay mayroon ding mga matang di mapikit. "Hindi makatulog



*Ipinakuha niya ang aklat ng talaan upang basahin*

ang hari." Ang musika at mga awit ay walang nagawa upang patahimikin ang kanyang damdamin. Sa wakas, upang mapatahimik ang kanyang pagiisip at sumaya ang kanyang diwa, ay kanyang tinawag ang kanyang mga lingkod upang dalhin sa kanya ang mga aklat talaan, at saka basahin sa kanya.

Kahi't mga hari ay hindi rin lubos na makapangyarihan. Sa pagtulog na isang magaan at karaniwang bagay lamang ay wala silang kapangyarihan. Subali't ang di pagkakatulog ng hari ng gabing yaon ay may sanhi. Ang mga dalangin ng mga Hudio, ni Ester at ni Mardokeo ay dininig sa langit; at sinugo ang mga anghel upang iligtas ang bayan ng Dios. Isang anghel ang tumayo sa piling ng haring pagano, at nawala sa hari ang antok. Marahang lumipas ang mahahabang oras, samantalang binabasa ang mga ulat.

Pakinggan ninyo! Ano itong nadinig ng hari? Ang kasaysayan ng tangka ni Bigtan at ni Teres, yaong mga kamarerong nagsipagsikap na magbuhat ng kamay sa hari, sa dakilang Assuero. At sino yaong nagsumbong ng bagay na iyon? Si Mardokeo, ang Hudio. Baki't wala siyang maalaalang gantimpala na naipagkaloob sa lalaking ang pangalan ay Mardokeo — papaano't yaon ay nakaligtaan? Wala; walang binabanggit na gantingpala.

— Anong karangalan at kamahalan ang nagawa kay Mardokeo sa bagay na ito? — itinanong ni Assuero. Ang tinig ng hari na may galit at nagtataka ay ikinagulat ng nagaantok na kalihim, at kanyang tiningnang maingat ang talaan. Subali't yaon na lamang ang nasusulat doon. Wala ng idinagdag ang tagasulat ng palasyo; at sinaysay ang pangyayari sa ilang pangungusap lamang at saka itinago.

Hindi pa rin nasiyahan ang hari, at tiningnan niya ang mga taong nakatayo sa malapit niya na para bagang hinahangad niyang sila'y magsipagsalita.

— Walang anomang nagawa sa kanya, — tugon nilang lahat.

*Walang* anomang nagawa sa kanya! Kung gayon ay aasikasuhin agad ng hari ang bagay na iyon. Ang dilim ng gabi ay lumipas na ng mga sandaling iyon, at nagpapasimula na naman ang maghapong paggawa. Mayroon na noong nakatayo sa looban.

— Sino ang nasa looban? — itinanong ng hari.

Walang sinayang na sandali si Haman upang tuparin ang kanyang masamang adhika na nasa isip. Maagang maaga pa'y nagsadya na agad siya sa palasyo upang hingin ang buhay ni Mardokeo. Subali't, ah, si Haman, — dumating siyang huling húli!

Sa tanong ng hari, madaling sumagot naman ang mga lingkod:

— Narito, si Haman ay nakatayo sa looban, — anila.

Ang hari naman ay kasing liksi rin nila. Ang bagay na naantalang matagal ay di dapat ipagpaliban pa.

— Papasukin siya, — ang kanyang utos.

*Ikasampung Kabanata*

# Pinarangalan si Mardokeo

NAGMAMADALI si Haman. Ibig niyang mabitay agad si Mardokeo, upang hindi magkaroon ng anomang ulap ang kanyang kagalakan sa ikalawang pigingan. Nang dalhin sa kanya ang pasabi ng hari, nasiyahan siyang gayon na lamang. Datapuwa't wala siyang malay sa hindi pagkakatulog ng hari ni sa nais mang nasa pagiisip noon na parangalan ang nagligtas ng kayang buhay na minsan.

Kaya nga pumasok si Haman: Datapuwa't makinig kayo! Nagtatanong ang hari ng isang bagay na di karaniwan!

— Anong gagawin sa lalaki na kinalulugdang parangalin ng hari?

Walang ulap na nakalililim sa pagiisip ni Haman ng sandaling yaon. "Anong gagawin sa lalaki na kinalulugdang parangalin ng hari?" Karangalang di na mabilang ay napabuhos na kay Haman, at ngayon, — "ngayon, inisip ni Haman sa kanyang sarili: Sino ang kinalulugdang parangalin ng hari ng higit kaysa akin?"

Ang tugon ni Haman ay nagpakilalang hindi pa siya nasisiyahan. Hindi sapat ang maging pangalawa ng hari; ang nais niya'y makapagsuot ng kasuotan ng hari, sumakay sa kabayo ng hari, at maramdaman ang bigat ng korona ng hari na nakaputong sa kanyang noo.

— Sa lalaki na kinalulugdang parangalin ng hari,—ani Haman, —ay dalhan ng damit hari na isinusuot ng hari, at ng kabayo na sinasakyan ng hari, at putungan sa ulo ng koronang hari: at ang bihisan at ang kabayo ay mabigay

sa kamay ng isa sa pinakamahal na pangulo ng hari, upang bihisang gayon ang lalaki na kinalulugdang parangalin ng hari, at pasakayin siya sa kabayo sa lansangan ng bayan, at itanyag sa unahan niya: Ganito ang gagawin sa lalaki na kinalulugdang parangalin ng hari.

Karaka-raka'y sinangayunan ng hari ang panukalang ipinasok. Datapuwa't ang una niyang mga salita'y tumama sa pakinig ng palalong si Haman na kagaya ng hatol na kapahamakan.

— Ikaw ay magmadali, at kunin mo ang bihisan at ang kabayo, gaya ng iyong sinabi, at gawin mong gayon kay Mardokeo na Hudio, na nauupo sa pintuang-daan ng hari: *huwag magkulang anomang bagay sa lahat na iyong sinalita.*

Ikinasiya ni Hamang pangarap-ngarapin "ang pinakamahal na pangulo ng hari" ay nagaakay ng kabayong sinasakyan niya sa mga lansangan, na sa gayon ay nagpapakilalang siya'y totoong dinadakila; datapuwa't ngayong makilala niya na siya itong gagawa ng gayon para kay Mardokeo na kanyang kinapopootan, at inaasahan pa namang maipapatay niya ng araw na iyon, ay napuspus ng kapaitan ang kanyang kaluluwa.

Nagmamadali ang mga lingkod na kumuha ng mga damit ng hari, at ang iba naman ay pinagsabihang kunin ang pinakamabuting kabayo na may magandang kagayakan sa kabalyerisa ng hari.

"Ng magkagayo'y kinuha ni Haman ang bihisan at ang kabayo, at binihisan si Mardokeo, at pinasakay sa lansangan ng bayan at nagtanyag sa unahan niya: Ganito ang gagawin sa lalaki na kinalulugdang parangalin ng hari."



*Si Haman ang may hawak ng rendang naglagos sila sa siudad*

Hindi miminsan kundi maraming beses na ang mga salitang iyon ay umalingaw-ngaw ng malakas at maliwanag, samantalang ang prosesyon na pinangungunahan ni Mardokeo na nakasakay sa kabayo ng hari at ang renda'y hawak ni Haman, ay naglalagos sa siudad. Ang mga bandilang mariringal ang kulay, na maganda dahil sa mga burda, ay pumapalaypay sa hangin; ang tunog ng tugtugin, ang tunog ng mga pakakak, at ang tunog ng tambor ay umaalingaw-ngaw sa himpapawid. Maraming tao ang nagsiksikan sa makikipot na lansangan, na ang lahat ay sabik makakita at makadinig; at gaya rin ngayon,

pagkaraan ng prosesyon, karamihan namang mga bata ang sumusunod, samantalang dinadakila ng bayan ang Hudiong nagligtas sa buhay ng hari.

Sa karangalang iyon ay hindi nagmalaki si Mardokeo; subali't naniwala siya na ang Dios ng langit na nagligtas sa kanyang buhay ng araw na iyon sa kanyang kaaway ay siya ring magliligtas sa Kanyang bayan.

Nakataas pa ang ulo ni Haman sa hinahaba-haba ng prosesyon hanggang sa natapos. Kanyang sinalita ang pahayag ng hari hanggang sa hindi na tuloy masambitla ng kanyang dila ang mga salita at hindi na mabigkas ng kanyang boses; at kanyang ibinigay ang mga kasuotan ng hari at ang kabayo sa mga tagapagingat. Saka pa lamang nanglumo ang bakal niyang damdamin, at napuspus ng kahihiyaan at kapaitan ang kanyang kaluluwa. Tumatangis at may takip ang ulong nagmadali siyang nuwi sa kanyang bahay.

*Ikalabing Isang Kabanata*

# ANG IKALAWANG PIGINGAN

MULI na namang hinanap ni Haman ang pangaliw ng kanyang mga pantas na tao at ng kanyang asawa. Datapuwa't "ang masasamang tagapayo ay masasama ring mangaaliw." Nalalaman ng mga kaibigan ni Haman ang lahat ng nangyari, at doon ay nabasa nila ang pagkabigo ng kanilang sariling mga panukala. Poot at nangangambang sinabi nila:

— Kung si Mardokeo na iyong pinasimulang kinahulugan ay lahi ng mga Hudio, hindi ka mananaig laban sa kanya, kungdi ikaw ay walang pagsalang mahuhulog sa harap niya.

Napakadilim na sandali iyon para sa dakilang si Haman. Nawalan siya ng sigla, at siya ay naalipusta, hindi lamang sa paningin ng kanyang mga kaaway at ng buong siudad, kungdi gayon din sa kanyang sariling tahanan at sa kanyang mga piling kaibigan. Sa mga lansangan at sa mga tahanan sa Susan ang kasaysayan ng kanyang pagkapahamak ay inuulit na muli't muli na may pagkutya at pagupasala; mabilis pa sa hanging kakalat yaon sa bawa't sulok ng kaharian. Samantalang kanyang iniisip ang mga bagay na ito na puspus ng pangamba at takot ang kanyang puso, ay napayuko ang palalo niyang ulo.

Subali't si Haman ay hindi pinahintulutang maupo ng tumatangis sa kanyang tahanan. Hindi natagalan at dumating ang mga lingkod ng hari sa kanyang pintuang-

daan, "at nangagmamadaling dinala si Haman sa pigingan na inihanda ni Ester." Ikatutuwa pa ni Hamang huwag ng dumalo roon ngayon, subali't hindi siya makaiwas. Kaya nga kasama ng mga abay ng hari na siya'y nagtungo sa palasyo.

Sa pamamagitan ng karangalang ipinamalas kay Mardokeo, ay nakita ni Ester na ang hari ay walang kapootan sa mga Hudio. Kaya nga, bagaman nalalaman niya na ang malaking suliraning kinabibitinan ng buhay ng kanyang bayan at ng kanyang sarili ay pasisiyahan ng gabing iyon, nanampalataya siya na sila'y ililigtas ng Dios ng gabing iyon.

Bukod sa roon, mandin ay nais ng haring pagpakitaan siya ng kagandahang loob pa.

— Ano ang iyong hingi Reyna Ester? itinanong ng hari sa kanya; at saka idinugtong na naman: — At ibibigay sa iyo.

At minsan pa:

— Ano ang iyong hiling? Kahi't kalahati ng kaharian ay ipagkakaloob?

Bahagya ma'y hindi napangarap ng hari ang uri ng kahilingang gagawin ng Reyna Ester; subali't ng kanyang makita ang matimtimang mukha nito, at ng madinig ang tinig niyang walang gatol, nalaman agad ng hari na isang bagay na totoong mahalaga ang mahahayag.

At hindi siya nagkamali.

— Kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, Oh, hari, at kung kalulugdan ng hari ipagkaloob sa akin ang aking buhay sa aking hingi at ang aking bayan sa aking hiling: sapagka't kami ay naipagbili, ako at ang aking bayan, upang ipahamak, upang patayin, at upang lipulin, — anang reyna sa maliwanag na tinig.

—Nguni't kung kami ay naipagbili na mga pinakaaliping lalaki at babae, ako'y tumahimik, — idinugtong pa niya.

— Sino siya, at saan nandoon siya, na nangahas magbanta na gumawa ng gayon? — itinanong ng hari.

Kung maaari lamang, si Haman ay tumakas na sana noon mula sa dulang ng pigingan; subali't hindi siya makatatakas. Isa mang salita'y hindi siya nangahas



*Napadapa si Haman sa hiligan na nagmamakaamong ipatawad ang kanyang buhay*

humuma upang magtanggol ng kanyang sarili ng magsalita na ang reyna:

— Ang isang kaaway at kaalit, itong masamang si Haman.

Sa gayon natakot ng gayon na lamang si Haman. At

dapat nga siyang matakot ng makita niya ang hari na tumindig sa dulang ng pigingan, at naparoon agad sa halamanan ng palasyo. Dahil sa nalalaman ni Haman ang buong kaugalian sa looban ng palasyo, taglay ang pusong halos matunaw na nakilala niyang wala sinomang kinaawaan na naging dahil ng pagtindig ng hari sa dulang na may galit. Sa pamamagitan ng pagalis sa silid na yaon ipinakilala ng haring panukala niyang ipapatay si Haman, at walang pamanhik na siya'y kaawaan ang magkakabisa.

Datapuwa't si Haman, na nagtangkang lipulin ang isang bayan upang mabigyang kasiyahan ang kanyang hangad na maghiganti, ngayon ay "tumayo upang ipamanhik ang kanyang buhay kay Ester na reyna." Wala siyang kahihiyang naramdaman sa gayong paghingi niya ng habag sa babaing pati ng bayan ay tinangka niyang lipuling walang awa. Subali't hindi siya maililigtas ni Ester kung inibig man noon; kung ililigtas siya ni Ester ay mawawalang bisa ang lahat ng ginawa nito hanggang ng mga sandaling iyon.

Kaugalian ng unang panahon sa gayong mga pigingan, na ang mga inanyayahan ay magsihilig sa mga hiligan, na kung tawagin ay "divan". Si Haman ay tumayo sa kanyang hiligan, upang ipamanhik ang kanyang buhay; subali't sa malabis niyang pagsisikap na makamit ang kalinga ng reyna at marahil ay sa gawa rin naman ng panghihina ng kanyang katawan dahil sa kanyang katakutan, ay nasubsub siya sa kinahihiligan ng reyna. Sa sandaling ito'y nagbalik ang hari. Karakaraka'y nagalab na mabuti ang poot ng hari; at sa katakottakot na salitang namulas sa mga labi ay tinakpan agad ng mga kamarero ng hari ang mukha ni Haman, at inilbas sa silid ng pigingan.

Ang mga kamerero sa pigingan na yaon ay nakaunawa agad sa mga pangungusap na binigkas ng hari tungkol kay Haman, — hindi na siya nagsalita pa kay Haman, — na ito'y ipapatay. Isa sa kanila, at ito'y nagpapakilalang ang galit niya kay Mardokeo ay alam na alam na ng lahat — ay lumapit na taglay ang ganitong pangungusap.

—Narito naman, ang bibitayan na may limampung siko ang taas, na ginawa ni Haman, ukol kay Mardokeo, na siyang nagsalita sa ikabubuti ng hari, na nakatayo sa bahay ni Haman.

Naunawa agad ng hari ang ibig sabihin ng kamarero at mabilis ang hatol na sinabi:

—Bitayin siya roon.

"Sa gayo'y binitay nila si Haman sa bibitayan na inihanda niya ukol kay Mardokeo."

*Ikalabing Dalawang Kabanata*

# Naligtas ang mga Hudio

PATAY na si Haman; datapuwa't ang masamang ginagawa ng tao'y nabubuhay mamatay man siya, at ang utos tungkol sa mga Hudio ay may bisa pa rin. Sa pagkamatay ni Haman, napayapa ang poot ng hari; nguni't ang ikalilipol ng mga Hudio'y utos pa rin.

Gaya ng kaugalian sa lupain, ibinigay ng hari kay Ester ang bahay at pagaari ni Haman, upang gawin ang kanyang maibigan. Ang lahat niyang pilak at ginto, ang kanyang mga kayamanang natipon sa malalayo't sa malalapit, ay pagaari na ng reyna, at ang pangangasiwa'y ipinagkatiwala naman kay Mardokeo.

Sa pagbibigay ng mga pagaari ni Haman sa Reyna Ester, at ng ang matanda na niyang kamaganak ay may sapat ng kayamanan at naparangalan na ng nararapat, inakala marahil ng hari na ang suliranin ng mga Hudio'y tapus na. Hindi rin niya natatanto, ang panganib na nagbabala pa rin kay Ester at sa bayan nito. At kung naiisip natin ang mahina at gahasang kalooban ng hari, makikita natin na ang pinakamahirap na bahagi ng gawain ng reyna ay nasa harap pa rin niya.

Muli pang, taglay ang tapang ng isang tunay na bayani, nagsuot na naman si Ester ng kasuutang reyna, at humarap sa hari. Nang siya'y unang maharap kay Asuero ay hindi muna siya umiyak; hindi mandin maganda na anyayahan ang hari sa piging ng isang tumatangis na babai. Datapuwa't ngayon, dahil sa nalalaman na ang

paglingap sa kanya, nanikluhod siya sa kanyang mga paanan, at namanhik sa haring may luha ang mga mata upang gumawa ng isang paraang ikaliligtas ng mga Hudio sa "kasamaan ni Haman na Agageo."

Muli na namang namagitan ang Dios, at inilawit ng hari ang gintong setro kay Ester. "Sa gayo'y tumin-



*Nanikluhod siya sa kanyang paanan at ipinamanhik na may mga luha sa mata, sa hari na iligtas ang kanyang bayan*

dig si Ester at tumayo sa harap ng hari," upang ipamanhik ang kanyang bayan.

— Kung kinalulugdan ng hari, — anya, — at kung

ako'y nakasumpong ng biyaya sa kanyang paningin, at ang bagay ay inaakalang matuwid sa harap ng hari, at ako'y nakalulugod sa kanyang mga mata, masulat na tiwaliin ang mga sulat na ibinanta ni Haman. . . . na kanyang sinulat upang lipulin ang mga Hudio na nangasa lahat ng lalawigan ng hari.''

Ang mga huling pangungusap ng pamanhik ni Ester ay kauring kauri ng mga pangungusap ni Ruth na Moabita, na namamanhik kay Naoming isama sa lupain ng kanyang mga magulang; kauri din naman ng mga pangungusap ni Moises na namamanhik para sa bayang Israel ng sila'y halos itatakuwil na ng Panginoon:

—Sapagka't paanong ako'y makapagtitiis na makita ang kasamaan na darating sa aking bayan? o paanong ako'y makapagtitiis na makita ang paglipol sa aking mga kamaganakan?

Mahinahong sinagot ng haring Asuuero ang reyna, subali't may karangalan. Sa pagsasalita kay Ester at kay Mardokeo, sinabi niya:

—Narito, ibinigay ko kay Ester ang bahay ni Haman. May kayamanan na siya na kanyang matatamasa, na kanyang magagmit saan man niya ibigin upang makatulong na iligtas ang kanyang bayan. Patay na si Haman. "Siya ang kanilang binitay sa bibitayan, sapagka't siya ay nagbuhat ng kanyang kamay sa mga Hudio.'' Wala ng dapat pang ikatakot sa masasama niyang tangka.

Sa gayon nagmungkahi naman ang hari ng isang panukala:

—Sumulat naman kayo sa mga Hudio, kung anong maibigan ninyo sa pangalan ng hari, at tatakan ninyo ng singsing ng hari: sapagka't ang sulat na nasusulat sa

pangalan ng hari, at natatatakan ng singsing ng hari ay walang taong makatitiwali.

Sa gayon ay tinawag ang mga eskriba at sinulat ang ibang utos. Ang una'y isinulat sa lahat ng tao sa kaharian, maliban sa mga Hudio. Subali't ang pangalawa ay isinulat din naman sa mga Hudio—sa "bawa't bayan ayon sa wika nila, at sa mga Hudio ayon sa sulat nila, at ayon sa wika nila."

Sa utos na ito'y pinagsabihan ang mga Hudio na ipinagkaloob ng hari sa kanilang sa bawa't siudad ang karapatang mangagkatipon at tumayong samasama upang ipagtanggol ang kanilang buhay. Kung sila'y sasalakayin, maipagtatanggol nila ang kanilang mga tahanan at ang kanilang mga pamilya.

Ang ikalawang utos na ito'y hindi nangangahulugan na niwawalang kabuluhan ang unang utos. Wala itong nagawa kundi dagdagan lamang ng isa pang pangungusap yaong una. Bawa't isa ay may magkasing pantay na bigat at lakas, sapagka't kapuwa nanggaling sa iisang tao, at hindi mangyayaring mabago.

Nakita ng mga nagsisitahan sa Susan ang mga tao na siyang tutupad ng ikalawang utos na magsipagtipon sa palibot ng pintuang-daan ng palasyo; nakita nila na ipinagkatiwala sa mga yaon ang mga liham, at nakita rin nilang nagsiyaong mabilis. Sa panahong iyon ay lumabas naman si Mardokeo mula sa harapan ng hari na "nakapanamit hari na bughaw, at puti at may dakilang korona na ginto, at may balabal na mainam na lino at kulay ube; at ang bayan ng Susan ay humiyaw at natuwa."

Ang mga Hudio ay nagdanas ng isang panahong sa ganang kanila'y kasing itim ng kamatayan. Ngayon

naman ang pagasa'y siyang nakahalili ng kanilang pangamba; nagliwanag ang kanilang mga mukha sa kagalakan; karangalan ay ipinamalas sa kanila noong ng una'y walang ipinakita sa kanila kundi kalamigan at pagalipusta. "At sa bawa't bayan, saan man dumating ang utos ng hari at pasiya niya, ay nagkaroon ang mga Hudio ng kasayahan at kagalakan, ng kapistahan at mabuting araw."

Subali't bagaman may utos na ang hari, at kahi't na ang totoo'y "sumakanila ang takot sa mga Hudio" mayroon pa ring panganib ang mga Hudio; sapagka't ang kanilang mga kaaway ay mapagimbot at malupit. Sa wakas ay dumating ang araw, ng ikalabing tatlong araw ng buwan ng Adar, ng "inaasahan ng mga kaaway ng mga Hudio na magpuno sa kanila, nguni't ang nangyari ay "ang mga Hudio ay siyang naghari sa kanila na nangapopoot sa kanila." Sapagka't "sinaktan ng mga Hudio ang lahat ng kanilang kaaway sa taga ng tabak, at sa pagpatay at paggiba, at ginawa ang naibigan nila sa nangapopoot sa kanila." Sa palasyo ng Susan ay napatay ang may limangdaang lalaki na mangagpakita ng tanging pakikipagaway sa mga Hudio. Ang sampung anak ni Haman ay nakasama sa lahat ng pinatay.

Sa utos na ipinadala na man ni Mardokeo, gayon ding kapangyarihan ang ipinagkaloob sa mga Hudio, kagaya baga ng kapangyarihang ipinagkaloob sa kanilang mga kaaway sa unang utos. Kanilang lilipulin hindi lamang ang mga lalaki kundi pati ng mga babai at mga bata, at samsamin ang lahat nilang masasamsam. Subali't nilabanan ng mga Hudio ang lahat ng sumalakay sa kanila lamang; hindi sila nagpunta sa tahanan ng kanilang mga kaaway upang pagpapatayin ang kanilang mga asawa at

mga anak. Hindi rin naman sila nanamsam. Makaitlong inulit na: "sa pagsamsam ay hindi sila nagbuhat ng kamay."

Natapus din! Nangapatay ang mga kaaway ng Israel, at nagkaroon ng kapayapaan hanggang sa kalayu-layuang lalawigan. At ang lahat ng iyon ay nangyari sa pamamagitan ng panalangin at panghahawak sa kapangyarihan ng Dios. Yaong pumili ng mahihinang bagay nitong sanglibutan upang guluhin ang mga makapangyarihang bagay, na ang kalakasan ay ginawang sakdal sa kahinaan, ay nagligtas ng Kanyang bayan ng ito'y magsipagtiwala sa Kanya. Sa gayon ang isang malaking tagumpay ng kalayaan sa pagsamba ay naipagtagumpay sa pinakadakilang bansa ng sanglibutan ng panahong iyon.

*Ikalabing Tatlong Kabanata*

# PISTA NG PAGPAPASALAMAT

NAGING kaugalian ng lahat ng bayan dito sa lupa na ipagdiwang ang isang mahalagang pangyayari sa pamamagitan ng pagtatakda ng isang araw. Bawa't bansa ay may ganyang araw. Sa ating sariling lupain man ay mayroon din tayo ng tinatawag na Araw ni Rizal, Araw ng Watawat, Araw ng Paggawa, at ibp. Ngayong napatay na ang kanilang mga kaaway, ang mga Hudio'y nagkaroon naman ng araw ng pagpipista at kagalakan.

Sa kaugaliang ito'y makita ni Mardokeo ang isang kaparaanan upang mapamalagi sa mga Hudio sa mga sumusunod na panahon ang dakilang tagumpay at pagkapagligtas ng Panginoon sa Kanyang bayan. Kaya nga, siya'y nagpadala ng liham sa lahat ng mga Hudio sa isang daan at dalawampu't pitong lalawigan, "sa malapit at gayon din sa malayo," na sinabi sa kanila na dapat nilang ipangilin ang ikalabing apat na araw ng buwan ng Adar, gayon din ang ikalabing lima, taon-taon "na mga pinakaaraw na ipagkakaroon ng kapahingahan ng mga Hudio sa kanilang mga kaaway, at buwan na ikinapaging kasayahan ng kapanglawan, at ikinapaging mabuting araw ng pagtangis." Ang mga araw na ito'y gawin nilang mga "araw ng pistahan at kasayahan, at ng pagpapadalahan ng mga regalo ng isa't isa, at ng mga kaloob sa mga dukha."

Sapagka't ginawa ni Haman na pinagsapalaran nga ang Pur, ang mga araw na ito ng kagalakan at pagpa-

pasalamat ay tinawag na pista ng Purim, upang huwag malimutan kaylan man kung papaanong ang pinakamasamang lalang ni Haman ay nawalang kabuluhan. Ang lahat ng mga Hudio ay nagsisangayon sa panukalang ito na ipangilin ang mga araw na iyon na isang banal na araw.

Gaganapin din naman nila ang isang araw ng pagaayuno at pagtangis na kasama ang iba pa,upang huwag nilang malimutan kaylan man ang kapanganiban na na-



*Ang mga Hudio'y nagkaroon ng malaking pagpipista at pagkakatuwa*

bitin sa ulo ng kaniyang bayan ng mga kaarawan ni Haman, at ang pagkapagligtas ng Panginoon sa kanila.

Si Mardokeo ay gumanap na may katalinuhan sa kanyang mataas na katungkulan. Siya'y matapat at maingat sa lahat ng marapat niyang gawin, at sa halip na itaas ang kanyang sarili, kanyang minumakala ang ikabubuti ng bayan, at pinagsabihan silang magsipamuhay na payapa. Tinanggap ng mga Hudio ang kanyang mga salita at siya'y itinaas ng hari sa isa't isang katungkulang itiniti-


wala, hanggang sa si "Mardokeo na Hudio ay naging pangalawa ng hari."

At iyan ang wakas ng kasaysayan ng mayaman at malupit na hari at ng maganda at mayuming reyna. Wala na ang marangal na siudad ng Susan, pati ng magagandang palasyo roon at ang matitibay na kuta. Wala na ang maririlag na bubungan at nalililimang looban, ang mga bukal ng tubig, ang mga bulaklak, ang hanay ng mga marmol na haligi. Walang nalalabi dito at doon kundi ang mangilan-ngilang tipak ng batong marmol at batong may kulay na nakalitaw, na nagpapakilala ng labi ng haligi at semento na binabanggit sa kasaysayan ng Biblia. Ang mga gintong kama, ang mga kurtinang sutla, ang mga kopang may hiyas,—ang lahat ng iyan ay wala na pati mga bulaklak na nagpadilag sa Looban ng Halamanan ng mga unang taong iyon, at babahagya na lamang naaalaala pa. Sinasabing hindi pa natatagalan, sa isang libingang napabaon sa Susan ay may nakuhang ilang mga gintong pangipit at mga galang, at iba pang mga hiyas na marahil ay ginamit ng reyna; subali't walang nakakaalam kung kanino kaya yaon. Hindi nararapat nating alalahanin pa ang Reyna Ester kung siya lamang ay naging reynang walang hangad kundi ang damtan ang katawan ng malalambot na kasuotan at magsuot ng mga gintong hiyas at mahalagang alahas.,

Subali't habang nagtatagal ang panahon, ang alaala ng matapat na Reyna Ester ay mabubuhay. Ang kagandahang loob ng puso niya, ang pagibig niya sa kanyang bayan, ang kanyang kababaan, ang kanyang katapatan, ang kanyang karunungan, at ang kanyang katapangan ay hindi malilimot. Taglay ang buhay niya sa kanyang kamay

na humarap siya sa hari — isang gawang nangangailangan ng katapangang kagaya ng pagpasok ng isang tao sa yungib ng mababangis na hayop — upang maakit lamang ang hari na iligtas ang kanyang bayan.

At hanggang sa araw na ito, sa lahat ng dako ng sanglibutan, ang pista ng Purim ay ipinangingilin pa rin ng mga Hudio. Marami ng mga kapistahang pangbansa, na itinakda ng mga hari at mga reyna at mga imperador at mga presidente, sa pagkalagas ng panahon, ang nag-



*Wala ng nalalabi dito't doon kundi ang mga haliging putol*

sipaglikat na't hindi na ginaganap ngayon, at nawala na rin sa alaala ng mga tao. Nguni't taon-taon, mula ng mga araw na iyon hanggang ngayon, ay iningatan ng mga Hudio ang pista ng Purim; una'y sa pamamagitan ng pagaayuno, pagkatapos ay sa pamamagitan ng pagpupulong sa sinagoga, at nagsisipakinig silang taglay ang magalang na paglimi samantalang ang *Megilla,* (o lulon) ng Aklat ni Ester ay mapitagang binabasa. Pagkatapos nagkakaroon sila ng pigingan sa tahanan, na may pagpapadalahan ng mga regalo sa isa't isa at sa mga maralita.

Ang utos na ipinadala ng Reyna Ester sa mga lalawigan ay isinulat sa isang aklat na inilagay na kasama ng mga kayamanan ng palasyo. At ang lahat ng mga karangalan ni Mardokeo at ang kanyang kapangyarihan, kalakasan at kadakilaan, ay pawa ring inilagda ng mga inaakalang mga kalihim ng hari upang maging pinakamahalagang aklat sa buong sanglibutan, — ang "Aklat ng mga Kronika ng mga Hari sa Media at Persia." Tila mandin totoong maraming nasusulat, una't huli, sa tanggapan ni Assuero; subali't ang lahat ng matatandang kasulatang iyon ay nangawala sa paningin ng mga tao daan-daan ng taon. Kung ang pangalan ni Ester at ng kanyang mga kamaganak ay hindi nasulat din naman sa aklat na iningatan ng Dios para sa mga tao, kaypala'y hindi natin madidinig kaylan man ang kanilang kasaysayan.

Mayroon pang isang talaan na nagtataglay ng mga pangalan ng lahat ng mabubuti at dakila sa lahat ng kapanahunan mula ng magpasimula ang sanglibutan; isang aklat na iningatan sa langit at hindi mawawala o masisira man kahi't kaylan. Lahat ng taong ang pangalan ay nasusulat sa aklat na iyon ay maaalaala kahi't na malimutang lahat ang mga pangalan at mga nagawa ng mga dakilang hari at reyna.

—WAKAS—


NELSON
WHITE